Kalagayan ng sakahan sa panahon ng pandemya



ANG Bayan

Inilathala ng
Ang Bayan

Oktubre 2021

NILALAMAN

8 Mga magsasaka, lugi sa bagsak-presyong palay/ Baha at mababang presyo

11 Produksyon ng mais, binubulok/Kayod-kalabaw sa pagtatanim ng mais

16 Patung-patong na pagsasamantala sa mga magniniyog

19 Papasamang kalagayan ng paggawa at produksyon sa industriya ng asukal

23 Pambabarat sa mga magsasaka ng saging

26 Dominado ng mga multinasyunal ang produksyon ng pinya/ Barat na presyuhan sa Dolefil

32 Lupaypay sa mahal ng gulay/ Pait sa pagtatanim ng ampalaya

33 Pagkalugi ng mga magsasaka ng abaka sa Bicol

36 Talahanayan: Bolyum ng produksyon

37 Talahanayan: Kabuuang lawak ng mga taniman

38 Talahanayan: Nangungunang mga pananim at produktong nagmumula sa mga ito na ineeksport (2020)/ Presyo ng Urea fertilizer (Disyembre 2020-Hulyo 2021

39 Presyo ng bilihan ng palay

PAMBUNGAD

Inilalathala sa polyetong ito ang serye ng mga artikulo na inilabas sa Ang Bayan ngayong taon kaugnay sa kalagayan ng ilang piling subsektor sa agrikultura. Laman ng mga ito ang tampok na datos sa produksyon ng palay, mais, niyog, asukal, saging, pinya, abaka at mayor na mga gulay sa panahon ng rehimeng Duterte—mula 2016 hanggang sa pandemya.

Makikita sa mga artikulong ito ang naipong epekto ng apat nang dekada na patakaran ng liberalisasyon sa agrikultura. Kasalukuyan itong dumaranas ng krisis dulot ng pagbaha ng mas murang imported na produkto na nagpapahina sa lokal na produksyon at sumisikil sa soberanya sa pagkain o sa kakayahan ng bansa sa produksyon ng sapat na pagkain. Palaki nang palaki ang pagsalalay ng Pilipinas sa pag-aangkat—ligal at kontrabando—mula sa bawang at sibuyas, hanggang sa munggo at bigas, na lalong nagtatali sa presyo ng mga ito sa manipulasyon ng pamilihan. Lalong bumibigat ang mga pasaning ng masang magsasaka sa harap ng lumalaking gastos sa produksyon at lubhang mababang presyo ng pagbili sa kanilang mga produkto. Lalo pa itong sumidhi nang pumalo ang pandemyang Covid-19 mula noong nakaraang taon. Laganap ang gutom dulot ng mababang kita, sahod at antas ng produksyon.

Pinatampok ng pandemya ang dati nang pagpapabaya ng estado sa pagtitiyak ng seguridad sa pagkain. Wala ni isa sa mga nakapanayam ng Ang Bayan sa mga larangang gerilya ang nakatanggap ng tulong pampinansya mula sa estado. Bihira sa

kanila ang nakatanggap ng ayuda kahit sa panahon ng pandemya.

Pinatingkad rin ng pandemya, kasabay ng magkasunod na mga bagyo at pagbaha noong 2020, ang pagsasamantala at pang-aaping dinaranas ng mga magsasasaka at manggagawang-bukid. Malawakan ang pagkasira ng mga pananim laluna sa ikatlong kwarto ng nagdaang taon. Nagtaasan ang gastos sa produksyon dahil sa pagtaas ng presyo ng abono at iba pang kagamitan.

Sa panahon ding ito, humina ang benta dahil sa pagkontrol sa galaw ng mga tao sa ilalim ng mga lockdown at mga paghihigpit sa pampublikong transportasyon. Sa halip na tumaas ang presyo ng pagbili ng mga produktong agrikultural, lalupa itong binarat ng malalaking komersyante na sila ring numero unong nagtutulak ng importasyon.

Dagdag na paghihirap at pang-aapi ang dinaranas ng maliliit na magsasaka at manggagawang-bukid sa harap ng militarisasyon sa kanayunan. Sa maraming baryo na ipinaiilalim sa armadong kontrol ng mga pwersang militar, hinihigpitan ang galaw ng mga tao at kalakaran ang pagboblokeyo sa komersyo at pagkain.

Ang mga artikulong ito ang nagbibigay-silip sa lumulubhang kalagayang agraryo sa bansa na kinatatangian ng malawak na atrasado at hiwa-hiwalay na produksyon ng pagkain at mga produktong pang-eksport sa ilalim ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang pagsasaka, sa kalakhan, ay nananatiling maliitan, hindi mekanisado at nakaasa sa ulan. Nakasalalay sa imported na mga sangkap (binhi, abono, pestisidyo) ang produksyon ng mga pananim na pambenta.

Nakapaibabaw sa lahat ng ito ang nagpapatuloy na pangunahing problema ng kawalan ng lupa ng mga nagbubungkal ng lupa. Dahil sa kawalan o kakulangan ng lupa, ang yamang nililikha ng pawis at dugo ng masang magbubukid ay kinakamkam ng mga panginoong maylupa, usurero at mga komersyante. Ang gubyernong nagsisilbi sa uring malalaking panginoong maylupa at

burgesyang komprador at ang neoliberal na mga patakara nito ay lalong pumipiga sa kanila.

Sa pagbuo ng polyetong ito, hinahangad na mabigyan ang mga rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng Partido—lalung ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan—ng balangkas para unawain at palalim pa ang pag-aaral sa kalagayan ng masang magbubukid sa iba't ibang sulok ng bansa, at para sa pagpupukaw at pagpapakilos sa kanila sa mga pakikibakang masa at sa landas ng digmang bayan.

Mga magsasaka, lugi sa bagsak-presyong PALAY

Patuloy ang pagkalugmok sa kahirapan ng masang magsasaka ng palay dahil sa pagsasamantalang pyudal, kawalang-suporta sa produksyon, bagsak-presyong pagbebenta at todong pag-iimport ng murang bigas.

Hirap na hirap ang mga magsasaka dahil sa pagsadsad ng presyo ng palay. Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), nasa ₱17.14 hanggang ₱20.87 kada kilo ang presyo ng pagbili ng palay sa mga magsasaka sa nagdaang limang taon. Subalit ayon sa mga grupong magsasaka, sa aktwal, sumasadsad sa ₱7-₱10 kada kilo ang presyo nito sa nakaraang dalawang taon. Naitala ito sa ilang prubinsya ng Central Luzon na pangunahing prodyuser ng palay sa bansa.

Malaon nang iginigiit ng mga grupong magsasaka na bilhin ang palay sa mga magsasaka sa presyong ₱20 kada kilo bilang pansuporta sa lokal na produksyon. Sa kabila ng mababang presyo ng pagbili ng palay, ibinebenta ang bigas sa abereyds na tingiang presyo na ₱42.59 sa nagdaang limang taon at umabot sa pinakamataas na ₱45.18 noong 2018.

Lalong nahihila ang presyo ng palay dahil sa pagbaha ng imported na bigas matapos isabatas ang Rice Tariffication Law

(RTL) noong Pebrero 2019. Naitala noong taong iyon ang pinakamataas na bolyum ng imported na bigas na pumalo sa 3.131 milyong metriko tonelada (MT) o higit limang beses na mas malaki kaysa noong 2016. Nananatiling mataas ang importasyon sa 2020 at 2021. Taliwas sa pagdadahilan ng mga tagapagtaguyod ng RTL, nasa 1% lamang ang ibinaba sa presyo ng bigas sa mga palengke.

Halos wala nang kinikita ang masang magsasaka sa palay. Umaabot sa ₱12.41 kada kilo ang karaniwang gastos nila sa produksyon. Malayong mataas ito kung ikukumpara sa gastos sa produksyon sa Vietnam na nasa ₱6.22 kada kilo at sa Thailand na nasa ₱8.86 kada kilo.

Lubhang maliit ang saklaw ng irigasyon. Kahit naipasa ang batas para sa libreng irigasyon, papaliit naman ang badyet na inilaan dito. Mula ₱41.67 milyon noong 2018, nasa ₱35.29 milyon na lamang ito noong 2020.

Dagdag pahirap sa mga magsasaka ang paglobo ng presyo ng abono. Ang urea, isa sa karaniwang abonong ginagamit ng mga magsasaka ng palay, ay nagmahal nang 12.06% mula ₱920.27 noong 2016 tungong ₱1,046.44 noong 2020. Nagtaasan din ang presyo ng ibang karaniwang ginagamit na abono tulad ng ammonium sulfate (8.32%), diammonium phosphate (7.57%) at iba pa.

Humigit-kumulang lima't kalahating sako (50 kilo kada sako) ang ginagamit na abono sa isang ektaryang palayan. Kung kukwentahin, tumaas ang gastos ng mga magsasaka sa abono nang ₱688-₱711 sa kada ektaryang sinasaka.

Sa datos ng PSA, "pinakamataas" ang produksyon ng palay sa bansa—19.44-milyong MT noong 2020. Pero ito ay dulot pangunahin ng mas mataas na bolyum ng ulan at mas mababababang ani sa naunang mga taon dulot ng El Niño. Ito ay sa kabila ng pagbaba ng tinatamnang erya mula relatibong mataas na 4.81 milyong ektarya noong 2017 tungong 4.53 milyong ektarya sa 2020 (bawas nang 300,000 ektarya.)

Lumabas sa Ang Bayan, Oktubre 7, 2021

Baha at mababang presyo

Sa huling siklo ng pagtatanim ng palay noong Hunyo, gumastos ang magsasakang si Miguel nang ₱19,350 para sa abono sa tatlong ektaryang palayan. Dagdag pa sa gastusin ang herbisidyo na ₱5,730 at pestisidyo na ₱4,324. Inuupahan niya ang mga makinang pansaka at nagpapasahod ng ilang magsasaka para makatuwang sa pag-aani sa kabuuang halaga na ₱16,200 para sa tatlong ektarya.

Dagdag pahirap sa kanya ang pagkasira ng halos sangkapat ng kanyang tanim dahil sa bagyong nanalasa sa South Cotabato. Nakapag-ani lamang siya ng 170 sako (69.47 kilo kada sako) ng palay noong Setyembre. Ikakaltas dito ang 13 sako (8%) bilang upa sa harvester na kanyang ginamit. Dito rin ibabawas ang 12 sakong pambinhi sa susunod na siklo.

Ang natirang 145 sako na netong ani ay kakaltasan ng 25% o 36 sako bilang bayad sa may-ari ng lupa. Ibabawas dito ang 30 sako bilang pambayad utang sa pinansyer (18 sako) at pangkonsumo (12 sako) ng pamilya.

Maibebenta lamang niya sa presyong ₱13.50 kada kilo ang nalalabing ani. Samu't saring kaltas pa ang kukunin ng komersyante sa pagbebenta nito. Makakukuha lang ng umaabot sa ₱70,134 si Miguel at kailangang bayaran ang nasa ₱60,000 gastos sa produksyon at iba pang utang. Matitira na lamang sa kanya ang ₱10,134 na pagkakasyahin hanggang sa susunod na anihan.

Produksyon ng MAIS, binubulok sa kapabayaan

Ang mais ang ikalawang pinakamahalagang batayang produktong pang-agrikultura na pinoprodyus at kinokonsumo sa bansa kasunod ng bigas. Hindi lamang ito kinokonsumo ng tao, mahalagang sangkap ito sa paghahayupan bilang pakain at sa pagmamanupaktura ng iba pang pagkain. Sa kabila nito, sistematikong pinababayaan ng reaksyunaryong estado ang produksyon ng mais. Tumutumal ang lokal na produksyon at lumalaki ang pagsalalay sa importasyon. Malawakang pagkalugi ang dinaranas ng mga magsasaka dahil sa pambabarat. Imbes na alalayan, itinutulak pa ang todong pag-aangkat ng produkto.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, nananatiling mababa ang presyo ng pagbili ng mais mula sa mga magsasaka kahit pa taun-taong tumaas ang abereyds na presyo ng mais sa lokal na pamilihan. Mula 2016 hanggang 2020, tumaas nang 32% ang presyo ng kada kilong puting mais o mula ₱22.77 tungong ₱30.15.

Ito ay habang bumagsak ang presyo sa pagbili nito sa mga magsasaka nang ₱0.27 mula ₱12.30 tungong ₱12.03. Tumaas din nang 13% ang presyo ng dilaw na mais mula ₱20.36 tungong ₱22.97, pero 2% lamang ang itinaas ng presyo sa pagbili nito sa mga magsasaka mula ₱11.78 tungong ₱12.

Ang puting mais ay kadalasang ginigiling at kinokonsumo bilang kahalili ng kanin, o di kaya'y pinoproseso tungong cornstarch, kornik, at binatog. Ang dilaw na mais ay esensyal na sangkap sa paggawa ng pakain ng baboy, manok at isda, at ginagamit din sa paggawa ng kornik. Sa abereyds, ang kada Pilipino ay kumokonsumo ng 15 kilo ng puting mais kada taon. Mas mataas ang abereyds na konsumo kada taon ng mga residente sa mga rehiyon ng Zamboanga Peninsula (159 kilo), Northern Mindanao (45 kilo), Davao (41 kilo), at Central Visayas (37 kilo) kung saan nagsisilbi itong kanin sa araw-araw.

Tinatayang mahigit 500,000 magsasaka ang pangunahing nakaasa pagtatanim ng mais. Noong 2020, mahigit 8.1 milyong metriko tonelada (MT) ng mais sa kabuuan ang naprodyus sa bansa. Sa bolyum na ito, nasa 60% ang pinroseso bilang pakain sa hayop. Aabot sa 2.5 milyong ektarya ang kabuuang saklaw ng mga taniman ng mais sa buong bansa. Pinakamalawak dito ang sa mga prubinsya ng Isabela (1.1 milyong MT) at Bukidnon (0.8 milyong MT). Maliitan at hiwa-hiwalay ang mga maisan. Ang abereyds na lawak ng mga ito ay 1.3 ektarya lamang.

Bagamat hiwa-hiwalay, ang produksyon ng dilaw na mais ay dominado at kontrolado ng apat na malalaking kumpanyang nagpoprodyus ng pakain sa hayop: ang B-MEG ng San Miguel Foods Incorporated ng kapitalistang si Ramon Ang, Univet Nutrition and Animal Healthcare Company ng pamilyang Campos, Pilmico Foods Corporation ng pamilyang Aboitiz, at Universal Robina Corporation ng pamilyang Gokongwei. Kadalasang nagtatayo ang mga kumpanyang ito ng mga planta sa mga erya kung saan nakakonsentra ang maraming maisan. Kabilang dito ang mga prubinsya ng Isabela, Bukidnon, at South Cotabato na

nagpoprodyus ng 45% ng kabuuang bolyum ng dilaw na mais sa bansa. Ang mga kumpanyang ito ang nagtatakda ng presyo sa pagbili ng produkto ng mga magsasaka, at iba pang mga rekisito sa pagbili kagaya ng resiko. Pinakamalaki sa mga kumpanyang ito ang B-MEG na kumukontrol sa 25% ng kabuuang bentahan ng mga pakain sa hayop sa buong bansa.

Sa ilalim ni Duterte, bahagyang lumaki ang bolyum ng imported na mais, pangunahin mula sa mga bansang ASEAN at US. Mula 2016, tumaas mula 10% tungong 12% noong 2018 ang kabuuang bahagi ng imported na mais sa lokal na pamilihan. Pinakamalaki rito ay mula sa Indonesia (25%), Thailand (23%) at US (21%). Sa abereyds, tinatayang 580,000 MT na dilaw na mais ang iniimport ng bansa kada taon.

Lalong lalaki ang kontrol ng mga dayuhang korporasyon sa lokal na industriya ng mais kung pagbibigyan ang panukala ng American Chamber of Commerce of the Philippines at European Chamber of Commerce of the Philippines na Rice and Corn Industry Liberalization Act. Itinutulak ito sa Senado ng tagapangulo ng Senate Committee on Agriculture and Food na si Sen. Cynthia Villar. Layon ng panukalang batas na pahintulutan ang mga kumpanyang 100% pag-aari ng mga dayuhan sa mga kumpanyang nagpoproseso ng mais sa bansa. Maaalalang si Villar din ang awtor ng Rice Liberalization Law na nagresulta sa pagbaha ng imported na bigas sa lokal na pamilihan at malawakang pagkalugi ng mga magsasaka ng palay.

Nahaharap ngayon ang mga magsasaka ng mais sa malawakang pagkalugi dulot ng patuloy na pananalasa ng African Swine Fever. Ayon sa ulat ng Global Agricultural Information Network, inaasahan na babagsak nang 2.4% ang kabuuang produksyon ng mais sa bansa tungong 8 milyong MT dulot ng paglaganap ng bayrus, pangunahin sa Luzon, na nagresulta sa pagbaba ng konsumo at demand sa pakain sa mga baboy.

Lumabasa sa Ang Bayan, Setyembre 21, 2021

Kayod-kalabaw sa pagtatanim ng mais

Isa ang 32-taong gulang na si Roger sa siyam na magkakapatid na mayroong maisan sa isla ng Negros. Pito sa kanila ang nakatira sa isang bahay at magkatuwang sa pagsasaka. Mayroon silang pagmamay-aring 12 ektaryang lupa at sangkapat nito ay nakalaan para sa mais na pangkonsumo ng kanilang pamilya. Mas malaking bahagi ng kanilang mga sakahan ay nakalaan sa mga pananim na ibinebenta para ipantustos sa iba pang mga pangangailangan. Hiwa-hiwalay na parsela ang kanilang mga sakahan sa isang liblib na komunidad na mararating lamang sa pamamagitan ng kabayo.

Kayod-kalabaw ang pagsasaka ng mais mula sa paghahanda ng lupa hanggang sa pagpoproseso ng mais. Anim na araw kada linggo ang inilalaan ng magkakapatid sa maisan. Dalawa't kalahating linggo ang iginugugol sa hagbas (paghawan sa sakahan), isa hanggang dalawang araw sa pag-aararo, isang araw sa pagpupunla, at isang linggo sa pagdadamo. Katumbas ito ng halos 30 araw sa kada siklo ng sakahan. Nagsisimula silang magtrabaho ng alas-7 sa umaga, at natatapos alas-4 sa hapon.

Tatlong beses kada taon ang kanilang pag-ani ng mais. Kadalasang dalawa hanggang tatlong gatang (1 gatang o humigit kumulang 2.25 kilo) ng mais ang kanilang napupunla kada anihan mula sa dalawang magkahiwalay na parsela ng lupa. Dahil lokal ang binhi, hindi nila kailangan ng abono, pestisidyo at herbisidyo. Kalabaw at araro lamang ang gamit nila sa produksyon.

Sa abereyds, 34 sako ng mais ang naaani ng

magkakapatid kada taon. Manu-mano nila itong ginigiling gamit ang bato at nakapoprodyus ng aabot sa 17 sako ng bigas-mais. Sapat lamang ito para sa kanilang konsumo. Hindi na nila ito ipinagigiling sa sentrong bayan na isang araw ang layo at gagastos ng ₱500 para sa transportasyon.

Umaabot sa tatlong sako at 15 gatang (33.75 kilo) ng bigas-mais ang kinokonsumo ng pamilya ni Roger kada buwan. Labas dito, aabot sa ₱2,400 ang kinakailangan ng pamilya para ipantustos sa araw-araw, at kinukuha mula sa pagbebenta ng iba pang mga pananim. Dahil hindi sapat ang kita, tuyo lamang ang madalas nilang inuulam lalo na ngayong pandemya dahil bumagsak ang presyo ng kanilang mga produkto habang sumisirit ang presyo ng mga bilihin. Wala siyang natanggap na anumang ayuda sa panahong ito. Dagdag na pasakit sa kanila ang malawakang operasyong militar sa kanilang komunidad dahil ipinagbabawal ng mga sundalo ang pagtatrabaho sa bukid.

*Patung-patong na pagsasamantala sa mga magni**NIYOG***

Kabaligtaran ng pagpapakahirap ng mga magniniyog ay ang pagpapakabundat ng mga panginoong maylupa, komersyante at monopolyong mga korporasyon. Sa kasagsagan ng pandemya, lalo pang tumampok ang paghuthot sa yaman ng koprang likha ng masang magniniyog.

Noong Disyembre 2020 sa isang baryo sa Camarines Sur, kumita lamang ng ₱4,900 ang isang pamilyang tenante sa apat na ektaryang niyugan. Sa naaning 661 kilong kopra, 20% (o halagang ₱3,960 sa presyong ₱30 kada kilo) ay hindi binayaran ng komersyante. Gaanuman kahusay ang pagkakaluto sa kopra, arbitraryo pa rin itong kinakaltasan ng resiko.

Nagtulong-tulong na lamang ang mag-anak sa produksyon para makabawas ng gastos sa paggawa. Matapos ibawas ang gastos sa transportasyon, ang halaga ng natirang 529 kilo ay bumagsak tungong ₱14,700 mula ₱15,870. Sa hatiang tersyo, dalawang bahagi ng halagang ito ang napunta sa panginoong maylupa. Ang sangkatlong bahagi ng magniniyog (₱4,900) ay katumbas na lamang ng ₱109 bawat araw na pagkakasyahin sa susunod na 45 araw ng walo-kataong pamilya.

Dahil sa magkakasunod na bagyong dumaan noong katapusan ng 2020, lalong lumiit ang kita ng mga magniniyog sa naturang baryo. Nakaagapay sa kanila ang pagtatanim ng mga halamang pagkain at gulay, at paggiit na ipagpaliban ang pagbabayad ng upa sa lupa sa loob ng dalawang pagkopra.

Habang sadlak sa gutom ang mga magsasaka sa niyugan, patung-patong na ganansya ang kinakabig ng panginoong maylupa at mga komersyante sa yamang kopra na kanilang nilikha. Ayon sa Philippine Coconut Authority, malaki ang ibinagsak ng presyo ng bilihan ng kopra mula ₱54 kada kilo noong Enero 2017 tungong ₱13.39 kada kilo noong Enero 2019. May mga lugar na umabot ito ng ₱12 kada kilo. Noong 2020, nagkakahalaga lamang ng abereyds na ₱18.75 ang bili ng mga komersyante sa bawat kilo ng kopra sa pangunahing mga rehiyon na prodyuser nito. Pinakamababa ito sa Eastern Visayas (₱14). Sa Bicol, bagamat tumaas ang presyo tungong ₱30, bawas pa rin ang napupunta sa magniniyog dahil sa mataas na kaltas sa resikada. Ang binarat na kopra ay pagkakakitaan ng mga komersyante ng aabot sa ₱8.45 kada kilo kapag ibinenta na sa mga planta, na magpapatong naman ng mas mataas pang presyo sa pandaigdigang pamilihan.

Ang mga plantang ito ang pangunahing nagsusuplay sa malalaking dayuhang kumpanya sa pagkain at konsumo. Kabilang dito ang mga nakapaloob sa Coconut Industry Investment Fund-Oil Mills Group na pinondohan noong panahon ng diktadurang Marcos gamit ang buwis na hinuthot mula sa mga magniniyog. Panimulang pinoproseso sa mga plantang ito ang kopra upang lumikha ng langis at iba pang produkto.

Mula Enero-Oktubre 2020, kabuuang 1.4 milyong metriko toneladang kopra ang inieksport ng Pilipinas. Dahil sa pandemya, bumaba ito nang 21% mula sa halos 1.8 milyong metriko tonelada na eksport sa parehong panahon noong 2019. Ang Pilipinas ang numero unong taga-eksport ng kopra (64%) sa buong mundo.

Sa panahon ng lockdown, kabilang sa mga kalakal na naging

mabenta ay mga pinrosesong pagkain at gamit pangsanitasyon. Mayor na sangkap sa produksyon ng mga ito ay langis mula sa kopra. Ang Nestlé at Cargill (mga monopolyo sa produksyon ng pagkain), at Procter and Gamble (P&G) ay kumukuha ng bulto ng kanilang hilaw na materyales sa Pilipinas at dalawang iba pang bansa sa Asia.

Lumaki ang kita ng Nestlé, Cargill at P&G habang may pandemya. Sa lahat ng monopolyo sa produksyon ng pagkain, pinakamalaki ang kita ng Nestlé noong 2020 na umabot sa $13 bilyon. Katumbas ito ng 2.8% na pagtaas mula 2019. Pinakamalaking nag-ambag sa kita ng korporasyon ang mga benta mula sa Purina (pagkain ng hayop), na gumagamit ng tira-tirang produktong kopra matapos katasin ang langis.

Ang kita naman ng Cargill sa parehong panahon ay $3 bilyon mula sa $2.56 bilyon bago ang pandemya. Ang P&G, na pinakamalaking nagpoprodyus ng mga gamit pangsanitasyon (sabon, shampoo, *toothpaste*) ay nagtala ng $12.76 bilyong kita noong 2020 mula sa $3.63 bilyon sa nagdaang taon.

Milyun-milyong dolyar naman ang kinamal na tubo ng mga plantang nagpoprodyus ng langis mula sa niyog na nakabase sa Pilipinas. Ang Peter Paul Philippines Corporation at Primex Coco Products, na kabilang sa pinakamalalaking nagpoproseso at nag-eeksport ng mga produktong niyog, ay nagtala ng kabuuang bentang umaabot sa $13.8 milyon noong 2020.

Lumabas sa Ang Bayan, Abril 21, 2021



Papasamang kalagayan ng paggawa at produksyon sa industriya ng ASUKAL

Tuwing papalapit ang Tiempo Muerto, karaniwan nang naghahanap ng alternatibong mapagkakakitaan ang mga magsasaka at manggagawang bukid sa mga plantasyon ng tubo. Ang Tiempo Muerto ay tumutukoy sa pagitan ng crop season ng tubo mula Agosto hanggang Setyembre. Sa panahong ito, halos wala silang kita.

Ayon sa konserbatibong sarbey ng estado, ang mga magsasaka ng tubo ang ikalawang may pinakamababang arawang sahod (₱273) sa mga manggagawang agrikultural sa bansa. Mas mababa pa rito ang kanilang kinikita ayon sa datos ng National Federation of Sugar Workers. Ayon sa grupo, nasa ₱1,000-₱1,500 lamang kada kinsenas (₱67-₱100 kada araw) ang abereyds na natatanggap ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa panahon ng kabyaw, habang nasa ₱200-₱500 (₱13-₱33 kada araw) sa panahon ng Tiempo Muerto. Malayo ito sa arawang mga minimum na sahod sa mga rehiyon (₱295-₱500) at laluna sa tayang disenteng sahod na ₱1,059.

Iniikutan ng mga asendero ang pagbibigay ng nakatakdang

minimum sa pamamagitan ng iskemang pakyawan kung saan sinasahuran ang mga manggagawang bukid batay sa kota. Sa isang tubuhan sa Isabela, nasa ₱16-₱50 lamang ang arawang sahod para sa pagbubunot ng damo, ₱40-₱70 sa pagtatanim, ₱150 sa pag-aabono, ₱94 sa regular na pag-asikaso sa tubuhan, at ₱225-₱250 sa pag-aani.

Industriya ng asukal

Ayon sa datos ng Sugar Regulatory Administration (SRA), 789,681 Pilipino ang kasalukuyang nagtatrabaho sa industriya ng asukal. Mayorya sa kanila ay mga manggagawang bukid (686,968) at magsasaka (88,748) na direktang lumalahok sa produksyon ng tubo. Mayroon namang 13,965 na nagtatrabaho sa mga asukarera. Nasa 85% sa mga magsasaka (75,241) ang nagbubungkal ng hindi tataas sa limang ektaryang tubuhan. Gayunpaman, laganap sa sektor ang pangangamkam at rekonsentrasyon ng lupa sa pamamagitan ng iba't ibang kaayusan sa pagsasaka gaya ng *sugar block farming, stock distribution option*, aryendo at *agribusiness venture agreement.*

Ang tubo ang nangungunang produktong agrikultural ng Pilipinas batay sa bolyum ng napoprodyus nito. Noong 2019, katumbas ng halos sangkapat ng kabuuang bolyum ng lokal na produksyong agrikultural ang bolyum ng naaning tubo sa bansa. Halos dalawangkatlo nito ay mula sa Western Visayas.

Saklaw ng mga tubuhan ang 398,478 ektaryang lupang agrikultural sa 10 rehiyon sa bansa. Pinakamalalawak ang mga tubuhan sa isla ng Negros (200,000 ektarya) kasunod ng Mindanao (80,000 ektarya) at Southern Tagalog (20,000 ektarya).

Sa kabila nito, pabagsak ang produksyon ng tubo. Mula 28 milyong metriko tonelada (MT) noong 2016, bumagsak tungong

24.6 milyong MT noong 2020 ang kabuuang bolyum ng tubo na naani at naproseso sa mga asukarera. Sinasabing dahilan sa pagbaba ng produksyon ang malawakang pagpapalit-gamit ng mga tubuhan at pagsasara ng apat sa 27 asukarera sa bansa sa nakalipas na limang taon. Sa ilalim ng rehimeng Duterte, kumitid nang 5% (22,880 ektarya) ang kabuuang erya ng mga tubuhan. Bumagsak ang kapasidad ng bansa na magproseso ng tubo mula 196,000 MT/araw tungong 173,300 MT/araw sa panahong ito. Sa ilalim ni Duterte, bumulusok nang 19% ang kabuuang bolyum ng asukal na naprodyus ng bansa mula 3.5 milyong MT noong 2016 tungong 2.8 milyong MT noong 2020.

Sinasabing balakid sa pagtatanim ng tubo ang mahal na mga kagamitan sa pagsasaka, abono at herbisidyo, at maliit na sahod na nagtutulak sa mga magsasaka na maghanap ng ibang trabaho. Ramdam din ngayon sa mga tubuhan ang epekto ng pagbabago sa klima na nagdudulot ng mas mapaminsalang delubyo gaya ng biglaang pagbaha na nagwasak sa libu-libong ektaryang mga tubuhan sa Negros Occidental noong Enero.

Noong 2020, nakapagprodyus ang bansa ng 2.1 milyong MT ng pulang asukal at 703,800 MT ng puting asukal. Ayon sa SRA, ang kasalukuyang abereyds na presyo ng pulang asukal sa lokal na pamilihan ay ₱32.42/kilo. Mas mataas ito nang 2% (₱0.70) kumpara sa presyo noong Hunyo 2019. Ang pagtaas ay pangunahing resulta ng pagbagsak ng lokal na produksyon at 13% pagtaas ng demand sa murang klase ng asukal ngayong pandemya.

Mula 2016 hanggang 2019, umaabot sa ₱33.7 bilyon ang kabuuang halaga ng mga produktong asukal na ineksport ng Pilipinas, mahigit kalahati nito ay sa US.

Kumpara dito, mas malaki ang inaangkat na asukal ng Pilipinas. Sa parehong panahon, umabot sa ₱116.7 bilyon ang kabuuang halaga ng mga produktong asukal na inangkat ng bansa, 36% ay mula sa China.

Para itodo ang pag-aangkat, ipinapanukala ngayon ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimen na baklasin ang mga taripa (umaabot sa 50%) sa mga produktong asukal at ang 64,050 MT-minimum access volume (MAV) sa pulang asukal. Tinututulan ito ng mga magsasaka at maging mga asendero dahil ito ang pagbaha ng murang asukal ang hihila sa lokal na presyo ng tubo na kalaunan ay papatay sa buong industriya.

Lumabas sa Ang Bayan, Hunyo 21, 2021

Pamababarat sa mga magsasaka ng SAGING

Naghain ng petisyon ang United Pantaron Banana Workers Union (UPBWU) sa tanggapan ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) sa Sto. Tomas, Davao del Norte noong Abril 6 para manawagan ng ₱100 dagdag sa arawang sahod sa Davao Region. Ang naturang rehiyon ang pangunahing pinagkukunan ng suplay ng saging na pang-eksport at pangkonsumo ng bansa (35% o 846,230 metriko tonelada o MT noong huling kwarto ng 2020). Gaya ng iba pang manggagawang bukid sa mga plantasyon, tali sila sa napakababang pasahod na idinidikta ng mga kapitalista at panginoong maylupa sa kabila ng napakataas na demand sa saging sa pandaigdigang pamilihan.

Nakasaad sa petisyon na hindi na makaagapay ang ₱396 na minimum na sahod ng mga manggagawang bukid sa bilis ng pagtaas ng presyo ng langis at pangunahing bilihin. Anang grupo, wala pa sa kalahati ng ₱1,057 kinakailangan ng isang pamilyang may limang myembro kada araw para mabuhay ng disente. Ayon sa pinakahuling datos ng rehimen, tumaas tungong 2.7% ang implasyon sa rehiyon mula 1.9% noong Enero, pinakamataas na

naitala mula Hunyo 2019. Noong Pebrero 2019 pa huling itinaas ang sahod sa rehiyon.

Mas masahol ang kalagayan ng mga manggagawang bukid na hindi nakatatanggap ng arawang sahod at binabayaran lamang batay sa kantidad na kanilang napoprodyus. Sa karamihan ng mga plantasyon, kadalasang binibili sa mga magsasaka ang saging sa halagang $2.5-$3 (₱120-₱144) kada kahon na may bigat na 13 kilo, o katumbas lamang ng ₱9-₱11 kada kilo.

Ikinakaltas pa sa kakarampot na kitang ito ang iba't ibang gastos sa produksyon. Halimbawa, sa mga plantasyon ng saging ng multinasyunal na kumpanyang Dole, karaniwang ikinakaltas sa kita ng mga magsasaka ang gastos sa transportasyon (₱3.4 kada kahon); bayad sa pagkakarga (₱3.8); upa sa planta, irigasyon at iba pang pasilidad ng plantasyon (₱3.8). Kadalasang nasa ₱100 na lang ang kita nila kada kahon o ₱7.7 kada kilo. Sa kabilamang banda, umaabot naman sa ₱136 kada kilo ang presyo sa pamilihan ng saging sa mga bansang nag-aangkat nito mula sa Pilipinas. Sa Lapanday Foods Corp., halos ₱2,000 kada buwan o katumbas ng ₱70 kada araw na lamang ang naiuuwi ng mga magsasaka mula sa ₱15,000 kinikita nila.

Ang saging ay nangunguna sa listahan ng mga prutas na ikinakalakal sa buong mundo, at kabilang sa pangunahing mga produktong agrikultural na pinoprodyus at inieeksport ng bansa. Noong nakaraang taon, bumagsak nang 101,000 MT ang kabuuang produksyon nito tungong 9.1 milyong MT. Gayunpaman, nanatili itong nangunguna sa listahan ng mga produktong agrikultural na inieeksport ng bansa.

Noong 2020, ang produksyon ng saging ay katumbas ng 15% ng kabuuang lokal na produksyong agrikultural. Saklaw ng mga sagingan ang aabot sa 450,000 ektarya ng lupa (sinlaki ng pitong pinakamalaking syudad sa Metro Manila) na kalakha'y kontrolado ng mga multinasyunal at malalaking lokal na plantasyon na nakabase sa Mindanao at pawang malalaking eksporter.

Pinakamalaki sa mga ito ang plantasyon ng Tagum Agricultural Development Company sa Panabo, Davao City (5,308 ektarya). Ang napoprodyus nitong saging ay ibinebenta sa Del Monte na pagmamay-ari ng pamilyang Campos na nag-oopereyt din ng malalawak na plantasyon at nag-eeksport ng saging. Malalaki rin ang plantasyon sa bansa ng Dole Philippines (US), Sumifru Corp. (Japan), Lapanday Foods Corp. (Lorenzo) at Unifrutti Tropical Philippines (Perinne).

Ang Pilipinas ang ikalawa sa pinakamalalaking eksporter ng saging sa buong mundo. Nasa 40% ng naprodyus nito (3.6 milyong MT) noong nakaraang taon ay inieksport, pangunahin sa Japan. Sa ilalim ni Duterte, kapansin-pansin ang mahigit 500% paglaki ng eksport ng saging ng Pilipinas sa China mula 319,291 MT noong 2016 tungong 1.9 milyong MT noong 2019. Halos kalahati o 45% ng iniaangkat nitong saging noong 2019 at 2020 ay mula sa Pilipinas.

Bumagsak ang benta ng saging sa panahon ng pandemya dulot pangunahin ng mga restriksyon sa transportasyon. Noong 2020, bumulusok nang 21% tungong $1.55 bilyon o ₱74.5 bilyon ang kabuuang kita ng bansa mula sa pag-eeksport nito.

Tulad sa nakaraan, inuuna ni Duterte ang kapakanan ng kapitalista habang nagbibingi-bingihan sa hinaing ng mga manggagawang bukid. Sa gitna ng pandemya, kaliwa't kanan ang pagpabor niya sa mga kumpanya. Noong Disyembre 2020, naiulat na naglaan ito ng ₱220 milyong subsidyo para palakasin ang produksyon ng malalaking plantasyon ng saging sa bisa ng Productivity Enhancement Project. Nitong Enero, pinautang naman nito ng ₱645 milyon ang Hijo Superfoods Inc., kumpanyang kasosyo ng Lapanday at nagmamanupaktura ng harina mula sa saging. Bago ang pandemya, naiulat din na pinautang nito ng ₱1 bilyon ang kumpanyang Unifrutti para bigyang daan ang ekspansyon ng mga plantasyon nito.

Lumabas sa Ang Bayan, Mayo 7, 2021

Mga multinasyunal, hari ng pinya

PINYA sa Pilipinas

Isa ang pinya sa mga nangungunang produktong pang-agrikultura ng Pilipinas. Ang bansa ang ikalawang pinakamalaking eksporter ng pinya sa buong mundo. Ang ani ng pinya noong nakaraang taon ay 2.7 milyong metriko tonelada (MT) na may halagang ₱26.1 bilyon. Mayorya (85%) ng kabuuang lokal na produksyon ng pinya ang kontrolado ng dambuhalang multinasyunal na mga korporasyong Del Monte Philippines Incorporated at Dole Philippines (Dolefil) na parehong unang itinatag ng mga kumpanyang US noong dekada 1920. Pagmamay-ari ngayon ng malaking burgesya-kumprador na pamilyang Campos ang Del Monte Philippines at ng kumpanyang Japanese na Itochu Corporation ang Dolefil.

Ibinebenta ang pinya nang presko, naka-lata, o pinroseso bilang inumin at nakahalo sa ibang produktong pagkain. May maliit na bahaging pinoproseso bilang tela. Ayon sa pinakahuling datos

ng rehimen, ang abereyds na tingiang presyo ng pinya ay ₱53.07 kada kilo. Sinasabi nitong binibili ito sa halagang ₱19.37 kada kilo pero sa aktwal ay nasa ₱5 kada kilo lamang ang pagbili nito sa mga magsasaka.

Saklaw ng mga pinyahan ang 66,048 ektarya ng lupang agrikultural sa buong bansa. Malaking bahagi nito ay nakakonsentra sa Northern Mindanao Region (26,507 ektarya) at Soccsksargen (24,561 ektarya). Tinatayang 32,000 ektarya ang mga plantasyon ng pinya ng Dole habang 20,000 ektarya naman ang sa Del Monte na pawang kinamkam sa lupang ninuno ng mga Lumad. Ang relatibong mas maliliit na pinyahan ay nakapailalim sa mga kaayusang *leaseback* at *contract growing* kasosyo ang Del Monte at Dolefil. Bukod sa dalawa, nangongontrata rin ang Lapanday Foods Corporation ng mga Lorenzo, isang pamilyang panginoong maylupa.

Agresibong nagpapalawak ng plantasyon ang mga kumpanyang ito para magkamal ng mas malaking tubo mula sa produksyon ng pinya. Noong 2014, nag-anunsyo ang Dolefil ng planong ekpansyon ng 12,000 ektarya. Aagawin nito ang mga lupang agrikultural at lupang ninuno sa Soccsksargen na matagal nang sinasaka at tirahan ng mga setler at Lumad.

Ginagamit ng mga kumpanyang ito ang mga iskemang *contract growing* at *leaseback* para direktang kontrolin ang mga lupaing pagmamay-ari ng mga magsasaka para sa produksyon ng pinya. Ang *contract growing* ay isang kaayusan kung saan ipinapasa sa magsasaka ang buong proseso ng produksyon, habang ang presyo sa pagbili, dami ng produkto at kalidad nito ay solong itinatakda ng korporasyon. Ang sistemang *leaseback* naman ay isang kaayusan kung saan ang lupa (na nakapailalim sa pag-aaring "kooperatiba") ay matagalang inuupahan ng mga korporasyon sa napakababang halaga. Bawal magtanim ng ibang pananim, kahit para sa pagkain, sa mga lupang ito.

Pagsasamantala sa mga manggagawang bukid

Sa panahon ng anihan, nag-eempleyo ang malalaking plantasyon ng mga sakada para lalupang makatipid. Ipinagkakait sa kanila ang karapatang mag-organisa, mag-unyon at makatanggap ng disenteng sahod at mga benepisyo. Laganap din ang sistemang pakyawan para lalupang makahuthot ng tubo mula sa mga manggagawa sa mga plantasyon ng pinya.

Dagdag na pahirap at panganib sa mga magsasaka sa mga pinyahan ang sistematiko at matagalang pagkatambad sa nakalalasong mga kemikal (pestisidyo, herbisidyo at pataba) na ginagamit ng mga multinasyunal para pabilisin at pahabain ang buhay ng mga pinya.

Produktong pang-eksport

Sa 2020, umabot sa 990,780 metriko tonelada (MT) ng sariwa at pinrosesong pinya ang ineksport ng Pilipinas sa halagang $674.54 milyon. Mahigit sangkatlo ito ng kabuuang bolyum ng pinya na naprodyus ng bansa. Malaking bahagi (71%) ng ineksport na pinya ng Pilipinas ay napunta sa US (236,810 MT), China (231,340 MT) at Japan (231,080 MT). Sa ilalim ng rehimeng Duterte, limang beses na lumobo ang bolyum ng ineksport na pinya ng Pilipinas sa China—mula 44,360 MT noong 2016 tungong 231,340 MT sa 2020.

Sa US, ang abereyds na tingiang presyo ng sariwang pinya ay $1.44 (₱72) kada kilo o halos apat na beses na mas malaki sa presyo kung magkano ito binebenta ng mga magsasaka (₱19.37). Nagkakahalaga naman ang pineapple juice ng $2.8 (₱140) kada litro.

Lumabas sa Ang Bayan, Oktubre 21, 2021

Barat na presyuhan sa Dolefil

Binatikos ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong Oktubre 4 na nagsabing ang pinya ang "pinakamapagkakakitaang produktong pang-agrikultura para sa mga Pilipinong magsasaka." Pinasisinungalingan ito ng libu-libong magsasaka ng pinya sa Polomolok at Tupi sa South Cotabato na nakapailalim sa mga kontrata sa contract growing sa Dole Philippines (Dolefil) at obligadong sa kumpanya ang lahat ng kanilang ani.

Ayon sa UMA, binibili ng Dolefil ang mga pinya sa presyong ₱5 kada kilo lamang at hindi ₱19.37 kada kilo tulad ng sinasabi ng PSA. Sa ganitong presyuhan, ilusyon ang sinasabi ng PSA na umabot sa ₱658,097 ang abereyds na netong kita ng mga magsasaka kada ektarya ng pinya noong 2020.

Sa aktwal, nasa ₱202,100 lamang ang inisyal na kita ng mga magsasaka sa kada ektarya ng pinyahan. Nasa abereyds na 40,422 kilo ang kanilang naaning pinya kada taon.

Sa loob ng tatlong-taong siklo ng pagtatanim, umaabot lamang ang kita ng mga magsasaka sa ₱404,220 (18 buwan ang binibilang bago maani ang isang taniman). Sa aktwal, kumikita lamang ng ₱134,740 kada ektarya ang magsasaka. Kung ikakaltas ang gastos sa produksyon na ₱124,881, lalabas na ₱154,458 ang netong kita sa loob ng tatlong taon o ₱4,290.50 kada buwan.

Sa kabilang banda, halos dobleng mas malaki ang naiulat na tubong hinuthot ng Dolefil mula sa mga magsasaka sa nakalipas na mga taon—₱284,273 kada ektarya sa loob ng tatlong-taong *crop cycle* o ₱94,757 kada ektarya.

Lupaypay sa mahal ng GULAY

Biglang sumirit ang presyo ng mga produktong gulay noong nakaraang buwan. Sa Metro Manila, naiulat na tumaas nang 375% (₱300) ang presyo ng repolyo. Mahigit doble rin ang itinaas sa presyo kada kilo ng pechay Baguio at karot, habang 75% ang itinaas sa presyo ng talong, at 25% sa kalabasa at ampalaya.

Ibinunton ng Department of Agriculture (DA) ang sisi sa pagtaas ng presyo sa pagbagsak ng suplay ng gulay dulot ng pananalasa ng bagyong Fabian at habagat sa iba't ibang bahagi ng Luzon noong huling linggo ng Hulyo. Gayunpaman, bago pa nito ay kumakaharap na ang Pilipinas sa tumitinding kakulangan ng suplay ng gulay. Mismong ang DA ang nagsabing kukulangin ang suplay ng gulay ngayong taon nang hanggang 434,840 metriko-tonelada (MT). Isinasangkalan ito ng ahensya para itodo ang pag-aangkat ng gulay sa bansa.

Umaabot sa 2 milyong MT ang abereyds na taunang bolyum na kinokonsumong gulay ng bansa o 18.24 kilo kada Pilipino. Nasa 136,934 MT ng gulay ang para sa binhi at pakain sa hayop, o di

kaya'y inaasahang masisira.

Bagsak na produksyon

Mula 1995, bumabagsak na ang produksyon ng gulay sa bansa dulot ng liberalisasyon ng kalakalan alinsunod General Agreement on Tariffs and Trade. Wala pa sa kalahati ng naprodyus na gulay ng bansa noong 1996 (4.8 milyong tonelada) ang inaasahang mapoprodyus ngayong taon. Ang pagbagsak ay pangunahing resulta ng pagkalugi ng lokal na mga magsasaka bunsod ng todong pag-aangkat.

Pinakamatinding tinamaan ng liberalisasyon sa agrikultura ang produksyon ng bawang. Noong dekada 1990, 100% ng bawang na kinokonsumo ng bansa ay lokal. Noong 2020, umaabot na sa 91% ng suplay ng bawang sa bansa ay imported. Ganito rin ang sinapit ng produksyon ng munggo at sibuyas na 51% at 39% na ay imported. Sa mga gulay na inangkat ng bansa noong 2019, pinakamalaki ang bolyum ng munggo (36,656 MT na nagkakahalagang ₱1.7 bilyon) kasunod ng sibuyas (23,590 MT na nagkakahalagang ₱261.8 milyon).

Kakumbina ng malawakang pagpapalit-gamit, nagpatuloy ang pagbagsak ng produksyon at pagliit ng mga gulayan sa bansa. Ayon sa pinakahuling datos, 240,724 ektarya ng lupa ang kabuuang saklaw ng mga taniman ng siyam na pangunahing gulay sa bansa noong unang hati ng 2020. Mas makitid ito nang 6,365 ektarya kumpara noong 2016 sa simula ng rehimeng Duterte. Kabilang sa mga itinatanim ang ampalaya, repolyo, kamoteng kahoy, talong, munggo, sibuyas, patatas, kamote, at kamatis. Malaking bahagi ng mga gulayan ay matatagpuan sa Ilocos, Cordillera, Central Luzon, Southern Tagalog, Northern Mindanao, Bangsamoro at Eastern Visayas. Mayorya ng suplay ng Metro Manila ay nagmumula sa Benguet, Cordillera.

Sa mga gulay na inangkat ng bansa noong 2020, pinakamalaki ang bolyum ng sibuyas (40,585 MT o ₱2.03 bilyon), kasunod ng

munggo (26,980 MT o ₱1.8 bilyon) at bawang (23,590 MT o ₱1.82 bilyon). Mula sa China ang halos lahat ng imported na bawang at higit sangkatlo ng imported na sibuyas sa lokal na mga pamilihan sa bansa. Galing naman sa Indonesia at Myanmar ang 80% ng kabuuang bolyum ng imported na munggo.

Lumabas sa Ang Bayan, Setyembre 7, 2021

Pait sa pagtatanim ng ampalaya

Magsasaka ng ampalaya sa Southern Mindanao ang 60-taong gulang na si Tatay Kaloy. Wala siyang sariling lupa kaya nangupahan siya ng kalahating ektarya para makapagsaka. Sa isang panayam sa mga kasama, naikwento niya kung papaano siya "natalo" (palasak na tawag sa "nalugi") sa nakalipas na panahon ng taniman.

Aniya, karaniwang nasa apat hanggang anim na buwan ang siklo ng pagtatanim at pag-ani ng ampalaya. Gumagastos siya ng hindi bababa sa ₱12,600 para sa binhi, abono, pestisidyo, alambre, tali, at iba pang kagamitang pansaka. Dagdag rito ang ₱200/araw na sahod sa mga magbubukid na kinakatuwang niya sa panahon ng pagtatanim at anihan. Sa abereyds ay nakaaani siya ng 24 beses sa isang taniman at nakapagpoprodyus ng aabot sa 336-408 kilo ng ampalaya. Binibili sa kanya ang ampalaya sa halagang ₱35/kilo, sa gayon ay kumikita siya ng aabot sa ₱14,208. Kung ikakaltas ang mga ginastos niya sa pagtatanim, halos wala nang natitira sa kanya bilang malinis na kita.

Isa lamang si Tatay Kaloy sa libu-libong magsasaka na nagtitiis sa atrasado at manu-manong pagsasaka ng gulay sa bansa, at kawalan ng subsidyo sa porma ng mga kagamitang pansaka, abot-kayang pautang at irigasyon.

Pagkalugi ng mga magsasaka ng ABAKA sa Bicol

Bago pa ang pandemyang Covid-19, nalulugi na ang mga magsasaka ng abaka sa Catanduanes. Ang 50 kilo ng abaka ay naibebenta lamang sa halagang ₱3,000, na relatibong mas mababa kumpara sa kabuuang gastos sa produksyon at upa sa panginoong maylupa na umaabot sa ₱5,000.

Sa pangkalahatan, tinatayang hindi bababa sa 200,000 ang mga pamilyang magsasaka na nagtatanim ng abaka sa buong bansa. Sinasaklaw nito ang 180,302 ektarya ng taniman ng abaka. Atrasado, kalat-kalat at hindi sistematiko ang pagtatanim ng abaka. Walang makabuluhang pag-unlad ang mga kagamitan sa produksyon at manumano ang pagtatanim, pag-aani hanggang sa paghag-ot o pagsuyod para makuha ang mga hibla.

Karaniwang umaabot ng dalawang taon bago mapakinabangan at maani ang abaka mula sa pagtatanim nito. Tatlo hanggang apat na buwan naman ang inaabot bago ito muling tumubo. Sa 20-30 puno ng abaka, nakakapag-ani ang magsasaka ng 20 kilo ng abaka na nangangailangan ng

2-3 tauhan para anihin ng 2-3 araw.

Ang Catanduanes, ayon sa Philippine Fiber Industry Development Authority, ang nagsusuplay ng 30% ng abaka sa buong bansa. Ang rehiyon ng Bicol ang may pinakamalaking bahagdan ng produksyon ng abaka.

Ayon sa pag-aaral ng Kawanihan sa Instruksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Bicol, ang abereyds na presyo ng tuyong abaka sa Catanduanes ay ₱60/kilo bago ang pandemya. Maaari pang magbago ang presyo ng tuyong abaka batay sa kalidad nito. Kadalasang mas barat ang presyo ng tuyong abaka kung ito ay hindi maputi. Para makapagbenta ng 50 kilo ng tuyong abaka, gumagastos ng kabuuang ₱4,210 ang mga magsasaka para sa produksyon.

Makukwenta ang gastos sa sumusunod na paraan: ₱600 para sa paghahawan at pagputol ng mga puno ng abaka. Minimum na dalawang magsasaka ang kailangang iempleyo para sa pagsuyod. Sa dalawang araw nagsusuma ito ng ₱2,400. Gumagastos naman ng ₱300 sa pagbibilad.

Para sa transportasyon, tinatayang gumagastos ang mga magsasaka ng ₱1 kada kilo para sa paghahakot mula sa bukid tungong kalsada. Ang pagbyahe mula baryo tungo sa pisaran ay ₱30 kada bandala (bungkos/tinipong hibla ng abaka). Sa buong tatlong araw, ang gastos sa pagkain ay nagkakahalaga ng ₱450.

Ikakaltas mula sa kabuuang kita ang 25% upa sa panginoong maylupa. Sa kadulu-duluhan, lugi pa ang magsasaka ng aabot sa ₱1,960.

Natatanging produktong Pilipino

Isa ang Pilipinas sa iilan lamang na bansa sa buong mundo na nagsusuplay ng abaka. Kilala ito sa tawag na Manila Hemp. Liban sa rehiyon ng Bicol, nagpoprodyus ng abaca ang Mindoro sa Luzon, Leyte, Samar, Negros Oriental, Iloilo at Aklan sa Visayas at

lahat ng mga prubinsya ng Mindanao. Karamihan sa mga nagsasaka nito ay maliliit at mahihirap na magsasaka at pambansang minorya. Noong 2016, 180,302 ektaryang lupa ang may tanim na abaka.

Nagsusuplay ang Pilipinas ng 87% sa pandaigdigang suplay ng abaka. Noong 2019, nakapag-eksport ito ng $156 milyon (o ₱7.8 bilyon sa palitang $1=₱50) halaga ng mga produktong abaka. Sa tala, ang abereyds na halaga ng produktong abaka na inieksport kada taon ay $97.1 milyon kung saan 12.6% nito ay mula sa hibla ng abaka (*raw fiber*).

Noong 2020, bumagsak ang kabuuang produksyon ng abaka nang 2.17% mula 72.3 libong metriko tonelada noong 2019 tungong 70.77 libong metriko tonelada. Dulot ito ng mga restriksyon sa transportasyon na ipinataw kaugnay sa pandemyang Covid-19 at mga bagyong nanalasa sa bansa sa huling bahagi ng 2020.

Batay sa datos ng Food and Agriculture Organizaton ng United Nations, ang abereyds na presyong pang-eksport ng hibla ng abaka sa buong 2016 ay nasa $1.99-$2.35/kilo (₱99.32-₱117.5) depende sa klase. Ito ay ₱30 na mas mataas sa presyong naipagbebenta ng magsasaka ang abaka sa mga komersyante.

Kung susumahin, ang ganansya sa pag-eeksport ng 50 kilo ng hibla ng abaka ay aabot sa ₱4,966-₱5,875, higit 60% ng kita ng magsasaka na ₱3,000 lamang. Ito ay kahit pa solong binabalikat ng magsasaka ang produksyon, at walang dagdag halaga ang raw fiber na ini-eksport sa ibang bansa.

Umaabot sa 57% ng hibla ng abaka ay pinoproseso para sa paggawa ng mga tea bag at ibang espesyal na papel. Ang bawat tea bag ay nagkakahalaga ng ₱1.5-₱2 kada isa.

Ginagamit ang abaka sa paggawa ng pera, damit at iba pa. Noong nakaraang taon, naibalita rin na maganda itong materyal para sa paggawa ng *face mask*.

Lumabas sa Ang Bayan, Abril 7, 2021

Bolyum ng produksyon (‘000 MT)

Pananim	**2016**	**2017**	**2018**	**2019**	**2020**
Palay	17,627.2	19,276.3	19,066.1	18,814.8	19,294.9
Mais	7,218.8	7,914.9	7,771.9	7,978.8	8,118.5
Saging	8,903.7	9,166.3	9,358.8	9,157.7	9,056.1
Niyog	13,825.1	14,049.1	14,726.2	14,765.1	14,490.9
Manga	814.1	737.0	711.7	737.9	739.2
Tubo	22,370.5	29,286.9	24,730.8	20,719.3	24,398.9
Pinya	2,612.5	2,671.7	2,731.0	2,747.9	2,702.6
Kamoteng kahoy	2,755.1	2,806.7	2,723.0	2,630.8	2,607.8
Rubber	362.6	407.0	423.4	431.7	422.4
Kamote	529.5	537.3	537.3	525.9	546.9
Sibuyas	122.6	184.4	172.7	222.1	229.5
Talong	235.6	241.9	244.8	249.9	242.7
Kape	68.8	62.1	60.3	60.0	60.6
Tabako	56.5	51.0	50.4	51.1	52.4
Abaka	71.8	68.8	71.5	72.2	71.0
Kamatis	210.7	218.8	220.8	223.3	222.0
Patatas	116.8	117.6	117.4	116.1	113.6
Ampalaya	87.5	89.5	87.4	89.3	87.8
Repolyo	123.1	122.5	120.7	128.1	129.8
Kalamansi	118.2	116.7	113.6	126.0	108.7
Munggo	34.0	35.3	36.7	36.2	37.0
Kakaw	6.3	7.0	8.0	8.5	9.3
Iba pa	3,360.8	3,383.5	3,426.5	3,434.6	3,414.5

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority,
Selected Statistics on Agriculture 2021

Kabuuang lawak ng mga taniman (‘000 ektarya)

Pananim	**2016**	**2017**	**2018**	**2019**	**2020**
Total	13,091.5	13,507.8	13,476.3	13,298.1	13,422.3
Palay	4,556.0	4,811.8	4,800.4	4,651.5	4,718.9
Mais	2,484.5	2,552.6	2,511.4	2,516.7	2,553.8
Saging	442.9	446.8	447.9	449.0	451.2
Niyog	3,565.1	3,612.3	3,628.1	3,651.9	3,651.3
Manga	187.8	186.0	185.9	186.6	186.8
Tubo	410.1	437.5	437.5	379.3	399.1
Pinya	65.2	66.0	66.2	66.0	66.9
Kamoteng kahoy	229.8	234.5	227.6	222.4	219.2
Rubber	223.3	226.3	228.9	229.4	230.7
Kamote	84.8	85.0	84.0	83.3	83.7
Sibuyas	13.0	18.3	17.9	19.9	18.4
Talong	21.0	21.4	21.7	21.8	21.8
Kape	114.8	112.8	113.4	112.0	113.3
Tabako	32.5	30.8	28.2	28.0	28.9
Abaka	134.4	132.5	132.3	132.4	132.4
Kamatis	16.2	16.5	16.5	16.4	16.4
Patatas	7.7	7.8	7.6	7.5	7.2
Ampalaya	10.5	10.7	10.7	10.7	10.7
Repolyo	8.0	7.9	7.8	7.8	8.0
Kalamansi	19.8	19.8	19.8	19.6	19.7
Munggo	41.3	41.9	41.6	41.7	41.9
Kakaw	14.8	18.3	27.1	30.3	31.3
Iba pa	407.9	410.3	413.8	413.7	410.9

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority,
Selected Statistics on Agriculture 2021

Nangungunang mga pananim at produktong nagmumula sa mga ito na ineeksport (2020)

Pananim	**Bolyum ('000 MT)**	**Halaga (milyong $)**
Abaka	3808.47	1644.30
Langis ng niyog	920.50	899.00
Pinya	990.78	674.54
Tabako (pinroseso)	35.97	302.52
Niyog na kinudkod at pinakudkod	144.25	260.74

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority, Selected Statistics on Agriculture 2021

Presyo ng Urea fertilizer (Disyembre 2020-Hulyo 2021

Probinsya	**Dec 2020 -Apr 2021**	**Jul 2021**	**Increase in Php**	**Increase in %**	**Added cost/ha (8-10 bags)**
Nueva Ecija	₱850-870 /bag	₱1,300 /bag	₱430-450 /bag	49-53%	₱3,440-₱4,500
Isabela	₱950 /bag	₱1,230 /bag	₱280 /bag	29.50%	₱2,240-2,800

Datos mula sa Amihan at Radyo Guimba

Presyo ng bilihan ng palay

Luzon	**Presyo/kg**
Bicol region	₱10-14
Tarlac	₱11-12
Ilocos Sur	₱11-13
Nueva Ecija	₱11-13
Camarines Sur	₱11.50-14
Bulacan	₱12
Isabela	₱12-13.50
Pangasinan	₱12-12.30
Visayas	**Presyo/kg**
Negros Occidental	₱10-14
Capiz	₱10-11
Antique	₱12.50
Mindanao	**Presyo/kg**
CARAGA	₱11
Agusan del Sur	₱13
Davao de Oro	₱13-14
Davao del Norte	₱13.50
South Cotabato	₱13.50
Surigao del Sur	₱13.50
North Cotabato	₱14
Lanao del Sur	₱15

Inipon ng Amihan, KMP, Bantay Bigas Mindanao